SAGISAG NG BAYAN NG SANTA CRUZ · LAGUNA

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-28 NG ABRIL, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. NARCISO O. INFANTE.............. PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo

Kgg. Heidi S. Ciriaco.................. Kagawad<br>
Kgg. Ariel T. Magcalas................ Kagawad<br>
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... Kagawad<br>
Kgg. Louie C. de Leon................ Kagawad<br>
Kgg. Ricardo B. Ramirez............. Kagawad<br>
Kgg. Celestino D. Pamatmat........... Kagawad<br>
Kgg. Bernardo E. Ison................ Kagawad<br>
Kgg. Miguel M. Asinas................ Kagawad<br>
Kgg. Angelito U. Limjuco............. Kagawad<br>
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor........... Kagawad

DI-DUMALO:

W A L A

## KAPASIYAHAN BLG. 122-T'97

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. JOSE D. LINA, JR. PUNONG LALAWIGAN NG LAGUNA, NG ISANG ELF TRUCK UPANG MAGAMIT NG TANGGAPAN SA PANGKALAHATANG PAGLILINGKOD (GSO) NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKA'T,** binibigyang-pansin at pagpapahalaga ng pamahalaan ang maayos na pagseserbisyo sa bayang ito;

**SAPAGKA'T,** kinakailangan ang mga karagdagang kagamitan, katulad ng sasakyan, sa pagsasakatuparan ng iba't-ibang gawain sa nabanggit na tanggapan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, Angelito U. Limjuco at Jeffrey A. Villaseñor at sa pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na mapitagang humiling sa Kgg. Jose D. Lina, Jr., Punong Lalawigan ng Laguna, ng isang ELF Truck upang magamit sa Tanggapan ng Pangkalahatang Paglilingkod (GSO) sa Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan, Jose D. Lina, Jr. para sa kaniyang kabatiran at mahalagang tulong, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO<br>Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: NARCISO O. INFANTE<br>Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN<br>Punong Bayan